REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-219

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGLALAAN NG LIMANG (5) EKTARYA O LIMAMPUNG LIBONG METRO KUDRADO (50,000 sq.m.) NG LUPA SA ALABANG STOCK FARM (ASF) UPANG MAGAMIT SA PAGPAPAGUBAT NG KAPALIGIRAN UPANG MAGING TAHANAN NG MGA LIKAS NA BUHAY SA KAGUBATAN AT TULOY MAGING BALANSE ANG EKOLOHIYA SA LUGAR NA ITO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang paglalaan ng limang (5) ektarya ay lubhang kailangan upang mapanatili ang maayang simoy ng hangin sa kapaligiran;

SAPAGKAT, ang paglalaan ng lugar na binanggit ay lubhang kailangan upang panahanan ng mga ibon at iba pang maamong hayop;

SAPAGKAT, ang pagiging luntian ng kapaligiran ay kaayaayang pagmasdan;

SAPAGKAT, ang punongkahoy ay nakakatulong na mabawasan ang polusyon ng hangin at ang biglaang pagbaha kapag tag-ulan;

NGAYON , DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng paglalaan ng limang (5) ektarya o limampung libong metro kudrado (50,000 sq.m.) ng lupa sa Alabang Stock Farm (ASF) upang magamit sa pagpapagubat ng kapaligiran upang maging tahanan ng mga likas na buhay sa kagubatan at tuloy maging balanse ang ekolohiya sa lugar na ito.

PINAGTIBAY, ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 174th regular na pulong na ginanap ngayong ika-14 ng Oktubre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG.ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts